Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-29 NG AGOSTO, 2001, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | .............. | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar | .............. | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | .............. | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | .............. | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | .............. | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | .............. | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | .............. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | .............. | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | .............. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | .............. | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | .............. | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 198-F-T'2001

*KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KANYANG KAMAHALAN, KGG. GLORIA MACAPAGAL ARROYO, PANGULO NG BANSA NA MAKAPAGLAAN ANG PAMAHALAANG NASYUNAL PARA SA PAMAHALAANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA AT MAPAGKALOOBAN ITO NG HALAGANG ANIM NA MILYON APAT NARAANG LIBONG PISO (P6.4M) MULA SA LOCAL GOVERNMENT SERVICE EQUALIZATION FUND PARA SA PAGTATAYO NG "ONE CLASSROOM BUILDING" SA MGA IBA'T-IBANG PAARALANG PAMPUBLIKO SA BAYANG ITO.*

*SAPAGKA'T*, sa dumaraming bilang ng mga mag-aaral ay nangangailangan ang bayang ito na maragdagan ang mga gusaling pampaaralan para sa pagtatamo ng maayos na edukasyon at kumbinyenteng lugar ng pag-aaralan;

*SAPAGKA'T*, walang sapat na pondo ang pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna upang makapagpatayo ng karagdagang gusaling pampaaralan.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. kag. Purita P. Sarmiento at Roselon F. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na mapitagang hilingin sa Kanyang Kamahalan, Kgg Gloria Macapagal Arroyo, Pangulo ng Bansa na makapaglaan ang pamahalaang nasyunal para sa pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna at mapagkalooban ito ng halagang P6,400,000.00 mula sa Local Government Service Equalization Fund para sa pagtatayo ng "one classroom building" sa mga iba't-ibang paaralang pampubliko sa bayang ito;

*PINAGPASIYAHAN PA:* Na ipadama ang taos-pusong pasasalamat sa Kgg. Gloria Macapagal Arroyo, na patuloy na nagmamalasakit para sa kapakanan ng bansang ito.

*INIUUTOS* : Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Gloria Macapagal Arroyo, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Inhinyero at Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY*

*PINATUTUNAYAN* kong kumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

9/17/2001